COVID-19 GABAY
PARA SA MGA IMIGRANTE NG CALIFORNIA

TL

TAGALOG

MAAARING SA:

Español
中文
Filipino
Tiếng Việt
한국어
عربی

California Immigrant Guide

GABAY NG IMIGRANTE NA TAGA-CALIFORNIA:
ImmigrantGuide.ca.gov

LISTOS CALIFORNIA:
ListosCalifornia.org

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng mga tip tungkol sa mga serbisyo, kasama ang mga benepisyo na magagamit ng mga imigrante ng California, kasama ang ilan na magagamit maliban sa katayuan sa imigrasyon. Basahin ang mga updates sa **COVID19.CA.GOV**.

NILALAMAN

KAUTUSAN NA MANATILI SA TAHANAN | ORDEN DE QUEDARSE EN CASA 3

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IBA. 4

TIGNAN ANG MAKAKATULONG NA IMPORMASYON DITO. 5

PAG-INTINDI SA PAMPUBLIKONG PAGSINGIL 6

PANGANGALAGA SA KALUSUGAN. 7

MGA TRABAHO, SWELDO & BENEPISYO 8

SUPORTA SA MALILIIT NA NEGOSYO. 9

PAGKAIN AT MGA BABAYARIN. 10

PABAHAY 12

BUREAU NG PROTEKSYON SA PINANSIYAL NG KONSUMER 13

KALIGTASAN SA KOMUNIDAD 14

PROTEKSYON LABAN SA PANLOLOKO & MALING IMPORMASYON 15

KAUTUSAN NA MANATILI SA TAHANAN

Iniutos ni Gobernador Newsom na manatili ang mga taga-California sa tahanan upang mabawasan ang pagkalat ng COVID19 at makatutulong sa pagsagip sa buhay. Ang estado ay nakikibaka upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mga taga-California, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Tayong lahat ay sama-sama dito. Maaari mong sagipin ang iyong buhay, at makatulong na iligtas ang iba, sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga sumusunod na hakbang.

KINAKAILANGN MONG MANATILI SA TAHANAN MALIBAN NA LAMANG KUNG:

Bibili ng pagkain o gamot.

Kumuha ng mga kailangan para sa pangkalusugan.

Mag-alaga sa isang kamag-anak, kaibigan o alagang hayop.

Mag-ehersisyo, at panatilihin i ang pisikal na pagdistansiya ng 6 na talampakan sa pagitan ng bawat isa.

Pumunta sa isang mahalagang trabaho, maaaring kasama ang :

- Pangkalusugan
- Pamilihan ng pagkain at farmers markets
- Pag-aalga
- Takeout & delivery sa mga restaurants
- Estasyon ng Gas
- Bangko
- Nagpapatupad ng Batas
- Pagtanggal ng Basura
- Mahalagang trabaho sa gobyerno

Basahin ang buong **LISTAHAN NG MGA MAHALAGANG TRABAHO** at madalas na mga katanungan. O tignan ang buong **LISTAHAN NG MAHALAGANG MGA TRABAHO SA ESPAÑOL**.

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG KARAMIHAN

GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD NA MGA HAKBANG UPANG PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG KARAMIHAN:

Laging maglaan ng 6 na talampakang pagitan sa katabi mo maliban sa iyong mga sambahayan kung kailangan mong lumabas.

Maghugas ng iyong kamay nang madalas ng hindi bababa sa 20 na segundo, gumamit ng maligamgam na tubig kung mayroon.

Umubo o magbahing sa iyong manggas o tisyu. Hugasan ang iyong kamay pagkatapos.

Linisin ang ibabaw ng mga kagamitan na madalas hawakan.

Protektahan ang matatanda at may mga problema sa kalusugan, dahil sila ay nahaharap sa mas malaking panganib na magkasakit. Mag-ingat kung ikaw ay 65 pataas o may malubhang isyu sa kalusugan.

Tumawag sa iyong doktor o mga sangay ng pangkalusugan, tulad ng **LOKAL NA KLINIKA** o **PAMPUBLIKONG DEPARTAMENTO NG KALUSUGAN**, kung ikaw ay may mataas na lagnat, ubo o hirap sa paghinga.

Maghanap ng agarang pangangalaga kung ikaw ay may problema sa paghinga, tulad ng pagsisikip ng dibdib.

Sundin ang payo ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan:

- Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit o Centers for Disease Control and Prevention sa cdc.gov
- Pampublikong Departamento ng Kalusugan ng California sa **CDPH.CA.GOV/COVID19**
- Ang iyong lokal na departamento ng kalusugan. **HANAPIN ANG IYONG DEPARTAMENTO NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN**.

MAGHANAP NG NAKAKATULONG NA IMPORMASYON DITO

PUMUNTA SA COVID19.CA.GOV:

- Pag-aralan ang sintomas at mga panganib ng COVID-19
- Magpasuri at magpagamot
- Mag-aplay ng mga benepisyo para sa mga walang trabaho
- Mag-aplay ng mga benepisyo para sa may kapansanan
- Mag-aplay ng Paid family leave
- Kumuha ng tulong para sa mga maliliit na negosyo
- Intindihin ang kautusan na manatili-sa-tahanan
- Humingi ng tulong sa mga umuupa at mga may-ari ng bahay
- Himingin ng lokal na impormasyon mula sa iyong county tungkol sa anumang tulong na maibibigay at ano ang sarado sa kasalukuyan sa publiko.

PUMUNTA SA 211CA.ORG:

Basahin ang “Tungkol sa 2-1-1” kung ang iyong county ay may mga serbisyo ng 211.

Kung mayroon, hanapin ang lokal na website na iyon.

Piliin ang iyong nais na wika sa iyong lokal na website.

Hanapin ang impormasyon at mga link para sa tulong sa :

- Pagkain
- Pangangalaga sa Kalusugan
- Kita at Isyu sa trabho
- Pabahay
- Utilidad at ibang mga bayarin
- Pangangalaga sa bata
- Pampublikong mga benepisyo
- Transportasyon
- Kalusugan para sa kaisipan
- Scams at pandaraya-sa-presyo
- Ibang mga pinagkukunan sa komunidad

I-DIAL ANG 211 MULA SA IYONG TELEPONO:

Ang mga operator ay nagsasalita ng 200 na mga wika.

Maaari ka nilang payuhan sa anumang paksa sa itaas.

TULONG SA IMIGRASYON:

Pag-aralan ang listahan na ito sa SERBISYONG IMIGRASYON MULA SA MGA ORGANISASYON NG WALANG KITA, na nagbibigay ng iba’t-ibang serbisyo sa imigrasyon, kasama ang libre-at-mababang-bayarin- na serbisyong legal ng imigrasyon sa buong California.

PAG-INTINDI SA PASANING PUBLIKO

Ang ilang mga imigrante ay nag-aalala na ang alituntunin sa pasaning publiko ay maging hadlang para makatanggap ng mga benepisyo sa gobyerno, o ang paggamit ng mga benepisyo ay makasisira sa kanilang abilidad na makakuha ng green card.

TANDAAN:

- HINDI lahat ng mga imigrante ay mapapasailalim sa determinasyon ng pasaning publiko.
- Ang mga pampublikong mga benepisyo na tintanggap ng mga miyembro ng pamilya ay kadalasan HINDI kinokonsidera sa ilalim ng alituntunin ng pasaning publiko.
- Ang bagong alituntunin ay HINDI nagbabago sa alituntunin ng pagiging karapat-dapat para sa mga programa ng pampublikong mga benepisyo.
- Ilang mga benepisyo lamang ang kinokonsiderang pampublikong benepisyo para sa mga layunin ng pasaning publiko.

Ayon sa Federal Government hindi ka magiging pasanin ng publiko nang dahil lamang sa pagpapasuri, pagpapagamot o paggamit ng mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan para maka-iwas sa COVID-19.

Ang pangangalaga ng Medi-Cal kaugnay sa pagsusuri at pagpapagamot ng COVID-19 ay HINDI binibilang sa ilalim ng alituntunin ng pasanin ng publiko dahil ito ay isang pagpapagamot sa isang agarang medikal na kondisyon.

Huwag pabayaan na ang takot ay humadlang sa iyo sa pagkuha ng kinakailangan na pagpapagamot, dahil ang mga epekto ng pag-iwas sa mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan ay maaaring maging lubha. Ito ay makakatulong sa iyo, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad na maging malusog.

ANG PAMPUBLIKONG MGA BENEPISYO AY HINDI KINOKONSIDERANG PASANING PUBLIKO:

- Ang mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap para sa agarang pagpapagamot;
- Mga serbisyo na base-sa paaralan o mga benepisyo;
- Mga benepisyo ng Medi-Cal ng isang hindi mamamayan na 21 taong gulang pababa;
- Mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap ng isang kababaihan sa panahon ng pagbubuntis at sa panahon ng 60-na araw simula sa huling araw ng pagbubuntis;
- Tulong sa pampublikong kalusugan para sa bakuna kaugnay sa mga sakit na nakakahawa , at para sa pagsusuri at pagpapagamot ng sintomas ng nakakahawang sakit kung ang mga sintomas ay dulot ng nakakahawang sakit o hindi; at marami pang iba.

I-KLIK ANG IYONG LENGGUAHE PARA SA KARAGDAGANG MGA DETALYE TUNGKOL SA ALITUNTUNIN NG PAMPUBLIKONG PAGSINGIL

INGLES	PRANSES	ESPANYOL
AMHARIC	HAITIAN	TAGALOG
ARABIKO	HINDI	BIETNAMESE
BURMESE	HMONG	
INTSIK	KOREAN	

Nais mo ba makipag-usap sa isang abogado tungkol sa pampubLikong pagsingil at ang iyong kaso? Maghanap ng suporta sa listahang ito SERBISYONG IMIGRASYON MULA SA WALANG KITA NA MGA ORGANISASYON

PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

Maaaring magbago ang Impormasyon ng mga benepisyo. Pakibisita ang mga magagamit na mga link sa ibaba para sa pinakabagong impormasyon at detalye ng aplikasyon.

SINTOMAS NG COVID-19:

- Lagnat
- Ubo
- Hirap sa Paghinga

ANO ANG GAGAWIN KUNG IKAW AY MAY SAKIT:

- Kung ikaw ay may sintomas tulad ng lagnat, ubo o hirap sa paghinga, at naniniwalang ikaw ay maaaring nalantad sa COVID-19, tawagan ang iyong doktor bago humingi ng pangangalaga.

- Kung wala kang seguro sa kalusugan, pakitawagan ang iyong karaniwang pinagkukunan ng pangangalaga, tulad ng iyong doktor, **LOKAL NA KLINIKA** o **DEPARTAMENTO NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN**.

- Mahalaga na tumawag bago humingi ng tulong sa pangangalaga upang maiwasan ang paglagay sa iba sa panganib. Siguraduhin na sabihin sa iyong doktor ang iyong kasaysayan tungkol sa paglakbay.

Kung ikaw ay may kahirapan sa paghinga, humingi ng tulong kaagad. Kung kailangan mong tumawag sa 911, sabihin sa operator ng 911 na ikaw ay nakararanas ng lagnat o ubo upang ang driver ng ambulance ay maaaring maghanda para sa iyong kaligtasan.

PAGPAPAGAMOT AT PAG-AALAGA:

- Kung kinakailangan mo ng pagsusuri sa COVID-19, ang iyong pagsusuri ay libre.
- Kahit na ikaw ay walang dokumento at/o walang insurance, maaari kang kumuha ng kaukulang pagsusuri at pagpapagamot para sa COVID-19 sa pamamagitan ng mga agarang serbisyo ng Medi-Cal, at pati lokal na klinika.
- Ang mga serbisyo sa agarang pagpapagamot ay libre para sa mga miyembro ng Medi-Cal kasama ang pagpapasuri sa COVID-19, at serbisyo sa pagpapagamot.
- Ang pagsusuri sa pangangalang Medi-Cali kaugnay sa COVID-19 ay hindi kasama sa alituntunin ng pasaning publiko dahil ito ay isang agarang pagpapagamot ng medikal na kondisyon.
- Ang programa sa pagsusuri ng California **COVID-19** ay pinalawak para sa mga taong nalalagay sa mataas -na-panganib sa ilang lugar sa estado. Kung ikaw ay nasa County ng Santa Clara o County ng San Mateo, o nasa loob ng 50 na milya ng Riverside, o sa lungsod ng Sacramento at nais na magpasuri para sa COVID-19, maaari kang **KUMUMPLETO NG SCREENER** upang makita kung ikaw ay kwalipikado. Kinakailangan ng access sa internet at Google account.
- Wala pang gamot sa kasalukuyan sa COVID-19, ngunit, ang CDC ay mayroong **10 BAGAY NA MAAARING GAWIN KUNG IKAW AY MAY SAKIT** at pag-aalaga sa sarili sa tahanan. Ang kanilang gabay ay makikita rin sa Espanyol, Bietnamese, Korean at Intsik.

MGA TRABAHO, SAHOD + BENEPISYO

Ang mga impormasyon tungkol sa mga benepisyo ay maaaring magbago. Pakibisita sa link sa ibaba para sa pinakabagong impormasyon at detalye ng aplikasyon.

KUNG IKAW AY NAWALAN NG ORAS O ANG IYONG TRABAHO DAHIL SA COVID-19:

Maaari kang mag-aplay ng mga unemployment (UI) benefits para sa :

- Kawalan ng mga trabaho
- Binawasang mga oras
- Hindi pumapasok sa trabaho dahil nag-aalaga ng anak kaugnay ng pagsasara ng mga paaralan

Upang kumolekta ng mga UI benefits, ikaw ay awtorisado na magtrabaho sa Estados Unidos nung tinanggap mo ang mga sahod na gagamiting batayan para sa iyong aplikasyon Kinakailangan ding ipakita na ikaw ay awtorisadong magtrabaho bawat lingo na tumatanggap ka ng mga benepisyo.

- Ang mga taong kasisimula lang na magtrabaho ay maaaring maging kwalipikado para sa UI na benepisyo kung kanilang nakamit ang kinakailangang kita.
- Ang mga taong may awtorisasyon na magtrabaho kasama ang mga tagatanggap ng DACA, tagatanggap ng TPS, mga refugees, o mga asylums.
- Ang mga walang dokumentong manggagawa ay hindi karapat-dapat tumanggap ng unemployment insurance dahil kulang sila ng awtorisasyon sa pagtatrabaho.

Ang mga walang dokumentong imigrante ay maaaring maging karapat-dapat para sa State Disability Insurance (SDI) at Paid Family Leave.

Kung ikaw ay nagkasakit at hindi makapagtrabaho, maaari kang kumuha ng mga benepisyo para sa may kapansanan.

Kung ikaw ay nag-aaruga para sa isang miyembro ng pamilya na may sakit, maaari kang makakuha ng Paid family leave.

- Kung ang iyong trabaho ay may paid sick leave, maaari mo itong gamitin para sa pag-aaruga sa isang tao.
- Kung hindi, maaari kang mag-aplay sa estado ng Paid Family Leave.

Maghanap ng karagdagang impormasyon at mga link para mag-aplay para sa mga **TRABAHO AT LEAVE BENEFITS**.

- Ang mga Frequently Asked Questions (FAQs) mula sa Employment Development Department (EDD). Sila ay may **EDD COVID-19 FAQS** o **ESPAÑOL EDD COVID-19 FAQS**.
- Ang impormasyon tungkol sa **EDD UNEMPLOYMENT INSURANCE** o **EDD UNEMPLOYMENT INSURANCE - ESPAÑOL**.

  Tandan: Kung ikaw ay pansamantalang nawalan ng trabaho at plano na bumalik sa parehong pinagtratrabahuan, hindi mo kinakailangan na tugunan ang karaniwang mga pangangailangan ng paghanap ng trabaho habang ikaw ay tumatanggap ng unemployment benefits. Ipapaalam sa iyo ng EDD kung hindi mo kailangang maghanap ng trabaho sa bawat lingo.

Ang Legal Aid at Work rin ay may ilang mga FAQs tungkol sa Coronavirus, na maaaring makita sa **MGA FAQS KAUGNAY SA COVID-19**. Sa kanilang website, maaari mo ring mabasa ang impormasyon sa Espanyol at Intsik

ANG MGA SUMUSUNOD NA BENEPISYO AY HINDI ISANG PASANING PUBLIKO:

- Mga unemployment Benefits
- Paid Sick Leave
- Workers' Compensation
- Disability Insurance
- Paid Family Leave

SUPORTA SA MALIIT NA NEGOSYO

Kung ikaw ay isang nagmamay-ari ng maliit na negosyo at hindi mamamayan ng U.S. at may visa, o kung ikaw ay isang walang dokumento na imigrante, ang iyong pagiging karapat-dapat sa tulong pinansyal sa maliit na negosyo ay depende sa programa. Hinihikayat namin kayo na makipagtulungan sa inyong mga negosyong komunidad na maghanap ng isang kasangguni sa negosyo o sumangguni sa mga nagpapautang na maintindihan ang inyong sitwasyon at tumulong na magbigay ng mga iba't ibang pamamaraan para mapabuti ang inyong sitwasyon. Pakihanap ang listahan ng mga pinagkukunan dito:

SENTRO NG MALILIIT NA NEGOSYO.

Para sa lahat ng mga negosyo, ang California ay sumusuporta sa lahat ng mga network ng sentro ng maliliit na Negosyo na magbigay ng libre o mababang-gastusin sa pagkonsulta at pagsasanay na tumulong sa pagsolba sa mga negosyo na ang mga pautang at ibang pederal, estado at lokal na programa na naaayon sa kanila, at bumuo ng mga resiliency na estratehiya. Marami ang naghahandog ng maraming wika. Gamitin itong Mapa ng Suporta ng Sentro ng Maliliit na Negosyo upang hanapin ang sentro na pinakamalapit sa iyo.

ANG U.S. SBA.

Para sa hindi mamamayan ng U.S. na may dokumentasyon ng kanilang legal na katayuan, ang pinagkukunan ng pederal ay maaaring makita sa **ADMINISTRASYON NG MALILIIT NA NEGOSYO SA U.S.** :

- Makipag-ugnay sa iyong lokal na pinaghihiraman upan magtanong tungkol sa Paycheck Protection Program at ang iyong pagiging karapat-dapat. **MAGHANAP NG ISANG KARAPAT-DAPAT NA PINAGHIHIRAMAN NG PAYCHECK PROTECTION PROGRAM**.
- Para kumpirmahin ang iyong pagiging karapat-dapat para sa Economic Injury Disaster Loans, makipag-ugnay sa SBA, na may serbisyong bukas 24 oras: 1-800-659-2955. Para sa TTY, i-dial ang 1-800-877-8339. O i-email: **DISASTERCUSTOMERSERVICE@SBA.GOV**.

ANG CALIFORNIA IBANK.

Ang estado ng California ay nagbigay ng $50 milyon sa Sentro ng Pinansiyal sa Maliliit na Negosyo at suporta sa tulong pinansiyal ng IBank ng California. Ang programa na ito ay magagamit sa lahat ng maliliit na Negosyo ng California kasama ang walang dokumento na imigranteng negosyante.

- Ang pondo na ito ay makababawas sa mga hadlang sa kapital para sa maliliit na mga negosyo at walang kita na hindi kwalipikado para sa pondo ng pederal (mga maliliit na negosyo at imigranteng komunidad).
- Disaster Relief Loan Guarantee Program: Makakahiram hanggang $50,000 sa pamamagitan ng Financial Development Corporations (FDCs) at mga kaugnay na CDFI non-profit lenders . Makakukuha din ng dagdag na kaalaman sa **SENTRO NG MALILIIT NA NEGOSYO NG IBANK**.
- Upang ma-access ang programa, bumisita sa link sa taas upang hanapin ang lokal na FDC o i-email ang IBank sa: **COVID19LOAN@IBANK.CA.GOV.**

PAGKAIN & BABAYARIN

Ang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ay maaring magbago. Pakibisita ang link sa ibaba para sa pinakabagong impormasyon at detalye sa aplikasyon.

IKUNG KAILANGAN MO NG TULONG SA PAGKUHA NG PAGKAIN AT PAGBAYAD NG MGA SINGIL:

MAGHANAP NG FOOD BANK NA MALAPIT SA IYO.
Bumisita sa food bank na hindi na kailangang magpakita pa ng pagkakakilanlan o katayuan sa imigrasyon.

Lahat ng mga bata ay maaaring makakuha ng libreng pagkain sa panahon na sarado ang mga paaralan. Ang mga benepisyo sa pamamagitan ng programang pagkain sa paaralan ay HINDI bilang sa ilalim ng alituntunin ng pampublikong pagsingil.

- Itsek ang iyong distrito sa paaralan o kumuha ng app CA Meals for Kids.

Ang ilang mga imigrante ay maaaring mag-aplay para sa tulong sa pagkain sa **GETCALFRESH.ORG**.

- Ang iba ay maaaring mag-aplay para sa isang karapat-dapat na miyembro ng pamilya at mga batang mamamayan ng US. Ang mga ibang kaanak ay hindi kasama sa mga pagkaing benepisyo na nakapaloob sa pasaning publiko mga gastusin

Ang Programang Women Children & Infants (WIC) ay nagbibigay ng masustansiyang mga pagkain, impormasyon sa malusog na pagkain, at kontak na impormasyon para sa pangangalaga sa kalusugan. Ang mga benepisyo ng WIC ay hindi kasama sa alituntuning ng pasaning publiko. Maliban sa iyong katayuan sa imigrasyon, maaari kang mag-aplay kung ikaw ay:

- Nagdadalang tao
- Nagpapadede sa isang sanggol na 1 taon pababa
- Nagkaanak o nagdalang tao sa nakalipas na 6 na buwan
- Sanggol na may isang taon pababa
- Batang nasa edad 5 pababa

IBA'T-IBANG MGA TULONG SA SALAPI ANG MAGAGAMIT SA ILANG MGA IMIGRANTE:

- Ang CalWORKs ay nagbibigay ng tulong sa salapi o cash aid at mga serbisyo sa mga karapat dapat na pamilya na may (mga) bata sa tahanan. Ang CalWORKs ay magagamit ng mga mamamayan ng U.S. at ilang mga imigrante, kasama ang mga bata na mamamayan ng U.S. kahit ang kanilang (mga) magulang ay hindi karapat-dapat dahil sa katayuan sa imigrasyon. Pumunta sa **E-BENEFITS WEBSITE NG CALIFORNIA** upang mag-aplay online, o makipag-ugnayan sa inyong **AHENSIYA NG SERBISYONG PANLIPUNAN NG COUNTY**.
- Mga programang Pangkaraniwang Tulong o General Assistance/Relief ay pinamamahalaan ng bawat county at nagbibigay ng mga benepisyong salapi sa mga taong hindi karapat-dapat para sa ibang benepsiyo sa salapi. Ang bawat county ay may sariling alituntunin kung sino ang makakukuha ng mga benepisyo, kaya makipag-ugnayan sa inyong **AHENSIYA NG SERBISYONG PANLIPUNAN SA COUNTY** upang makita kung ikaw ay karapat-dapat.
- Refugees, Asylees, Cuban/Haitian entrants, tagahawak ng Special Immigrant Visa (SIV), Amerasians, at Sertipikadong biktima ng human trafficking ay maaaring makatanggap ng Refugee Cash Assistance kung hindi sila karapat-dapat para sa ibang uring tulong sa salapi. Mag-aplay online sa **WEBSITE NG E-BENEFITS NG CALIFORNIA** o makipag-ugnay sa iyong **AHENSIYA NG SERBISYO SA LIPUNAN NG COUNTY**.
- Ang Trafficking and Crime Victim Assistance Program (TCVAP) ay isang programang tulong sa salapi para sa mga imigrante na biktima ng human trafficking, domestic violence, at ibang seryosong krimen. Mag-aplay online sa **WEBSITE NG E-BENEFITS NG CALIFORNIA**.
  - Para mag-aplay ng personal o makahanap ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga benepisyo ng TCVAP sa iyong county, pakitawagan ang iyong lokal na **AHENSIYA NG SERBISYONG PANLIPUNAN SA COUNTY**.
- Ang isang mamamayan ng U.S. at ilang imigrante na hindi makapagtrabaho dahil sa kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat sa **SUPPLEMENTAL SECURITY INCOME (SSI) NA BENEPISYO** or

Kapansanan sa pamamagitan ng Social Security Administration.

- Ang ilang mga imigrante na hindi karapat-dapat sa Supplemental Security Income at ang mga matatanda, bulag, at may kapansanan ay maaaring mag-aplay ng Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa inyong **AHENSIYA SA SERBISYONG PANLIPUNAN SA COUNTY**.

Ang ilang mga tuluyan sa mga hayop ay nagbibigay ng libreng pagkain sa mga alaga para sa drive-through na pick up.

May mga nakalaang pondo sa ilang mga county na nagbibigay ng salapi para pambili ng pagkain at pambayad ng gastusin.

Gamitin ang mga social media at NextDoor app para makahingi ng tulong galing sa mga kapit bahay at mga boluntaryo.

Itsek ang mga utilidad sa gas, kuryente at tubig kung hindi ka makabayad.

- Maraming mga utilidad ang nangangako na hindi papatayin ang kanilang serbisyo ng 60 na araw.
- Ilang imigrante ay maaaring makatanggap ng **TULONG SA PAGBAYAD NG KANILANG UTILIDAD**.

Itsek ang iyong kable/tagapagkaloob ng internet kung hindi ka makabayad.

- Maraming kompanya ang hindi magsasara sa kanilang serbisyo sa panahon ng krisis ng COVID-19.

Ang pagbabayad para sa 2019 na buwis sa estado at pederal ay pinalawak hanggang Hulyo 15, 2020.

PABAHAY

Ang impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo ay maaaring magbago. Pakibisita ang link sa ibaba upang makita ang pinakabagong impormasyon kasama ang detalye sa aplikasyon.

KUNG IKAW ANG NAGMAMAY-ARI SA IYONG TAHANAN AT HINDI MAKABAYAD NG IYONG MORTGAGE:

Makipag-ugnay sa iyong pinaghihiraman kaagad, mas maraming mga bangko (e.g. Wells Fargo, Citigroup, JP Morgan Chase, at US Bank) at ang California Credit Union ay **NANGAKO UPANG MAANTALA SA PAGBABAYAD SA MORTGAGE** para sa mga manggagawa at mga pamilya na nawalan ng kita at/o mga nangangailangan ng pangangalaga sa tahanan dahil sa coronavirus.

KUNG IKAW AY NANGUNGUPAHAN AT HINDI MAKABAYAD NG RENTA:

Ang Estado ng California ay nagproprptekta sa mga umuupa. Ang Executive Order N-37-20 ay nagbabawal ng pagpapatalsik kung ang rason ay walang kabayaran ng renta dahil sa kawalan ng kita kaugnay sa COVID-19 (kasama ang iyong mga nabawas na oras , o hindi makapag-trabaho para mag-alaga ng ang mga bata at tahanan dahil sa pagsara ng mga paaralan).

- Sa ilalim ng Executive Order, kinakaikalangang ikaw ay magbayad pa rin ng utang sa upa , ngunit hindi ka dapat paalisin dahil lamang sa hindi ka nakapagbayad ng upa kahit hanggang Hunyo lamang.
- Upang maging kwalipikado para sa proteksyon sa ebiksyon, kailangan mong abisuhan ang iyong pinag-uupahan sa isang kasulatan sa loob ng 7 araw ng nakatakdang pagbabayad na hindi ka makabayad ng lahat o bahagi ng iyong renta dahil sa COVID-19. Halimbawa, kung ang pagbabayad ng iyong renta ay nakatakda sa ika-1 ng Abril, dapat sumulat sa ika-8 ng Abril.

May mga karagdagang mg proteksyon sa iyong lugar sa iyong county o lungsod na tinitirhan. Siguraduhin na itsek ang iyong lokal na gobyerno upang matukoy ang mga karagdagang mga proteksyon laban sa ebiksyon at tulong sa pagbabayad ng renta.

Makipag-ugnay sa iyong lokal na awtoridad sa pabahay o **KONTAK SA PAGPAPATULOY NG PANGANGALAGA** upang makilta kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong sa iyong renta.

KUNG IKAW AY NAGHAHANAP NG PABAHAY:

Mag-dial ng 211 upang maghanap ng oportunidad sa pabahay sa iyong lungsod o county o magdagdag ng kaalaman sa Departamento ng Pabahay sa U.S. **MGA KATOTOHANAN AT PINANGKUKUNAN NG MGA PABAHAY NG COVID-19** na pahina.

Kung ikaw ay kasalukuyang walang matuluyan, maghanap ng iyong lokal na walang tuluyan sa **KONTAKS SA PAGPAPATULOY NA PANGANGALAGA** o basahin ang artikulo sa: **PAANO MAKAKUHA NG TULONG KUNG IKAW AY NAKARARARANAS NG WALANG TULUYAN**.

TANDAAN ANG IYONG MGA KARAPATAN:

Ang isang nagpapaupa ay hindi maaaring dumiskrimina laban sa iyo nang dahil sa lahi, katayuan sa pagkamamamamayan, o nasyonalidad.

Ang mga nagpapaupa ay hindi maaaring tumanggi ng renta sa iyo, o dumiskrimina laban sa iyo, dahil sa iyong pinagkukunan ng kita, kasama ang iyong housing subsidy na tumutulong sa pagbayad sa iyong upa. Kasama dito ang Seksyon 8 Housing Choice Vouchers, at mga pinondohan ng lokal na programa ng mga lungsod, county, at ahensiyang pampubliko para matugunan ang krisis sa COVID-19.

KARAGDAGANG MGA PINAGKUKUNAN:

Hanapin ang **MABABANG KITA SA MGA OPORTUNIDAD SA PABAHAY**.

Lokal na opisina ng serbisyong legal na maaaring makatulong sa iyo kung ikaw ay tinakot na paalisin:

- Listahan ng mga organisasyon na nagbibigay ng **LIBRENG TULONG NA LEGAL PARA SA MABABANG-KITA SA MGA TAGA-CALIFORNIAN**
- **LEGAL NA TULONG PARA SA MGA ISYU NG PABAHAY**

Kung ikaw ay naging biktima ng diskriminasyon o pagsasamantala sa iyong pabahay, **MAGHAIN NG REKLAMO SA DEPARTAMANTO NG PANTAY NA TRABAHO AT PABAHAY**

CONSUMER FINANCIAL PROTECTION BUREAU

Basahin ang artikulo na ito para sa mga tips upang **PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI MULA SA PINANSYAL NA PROBLEMA DAHIL SA COVID-19**.

KALIGTASAN SA KOMUNIDAD

KUNG IKAW AY NAKAKITA NG MGA TAO SA PUBLIKO NA NAKA UNIPORME:

Ikaw ay maaaring makakita ng mga sundalo na naka uniporme na nagbibigay ng pagkain o nasa kalye. Ito ay mga National Guard, hindi mga ahente ng imigrasyon, at narito sila upang tumulong sa atin. Hindi sila nagsasagawa ng pagpapatupad ng imigrasyon.

Maaari ka rin makakita ng mga manggagawa mula sa AmeriCorps, Community Emergency Response Teams (CERT) at ibang mga grupo ng boluntaryo na nagbibigay ng serbisyo. Hindi sila ahente ng imigrasyon. Narito sila upang tumulong sa atin.

Ang kautusang manatili-sa-tahanan ni Gobernador Newsom ay ipinapatupad araw-araw ng mga taga-Californian na nagsasagawa ng kanilang desisyon sa pagsagip sa buhay sa pamamagitan ng pananatili sa tahanan maliban na lamang kung mahalagang ang mga pangangailangan o pumunta sa trabaho bilang isang mahalagang trabahador.

Ang ilang lokal na gobyerno ay maaaring may kautusan na manatili-sa tahanan na mas mahigpit kaysa sa kautusan ng California. Maaari kang tumawag sa 211 o itsek ang iyong county upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa lokal na mga kautusan.

- Ang mga lokal na pulisya at mga serip ay maaarig magtsek upang siguradugin na ang mga taga-Californian ay sumusunod sa kanilang lokal na kautusan.
- Sila ay maaaring humingi ng personal na pagkakakilanlan ngunit hindi sila dapat magtanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.

Kung kailangan mo ng tulong sa imigrasyon, pag-aralan itong listahan **MGA SERBISYONG IMIGRASYON MULA SA MGA ORGANISASYON NA WALANG KINIKITA**. Sila ay nagbibigay ng ibang mga serbisyong pang imigrasyon, kasama ang libre at mababang halaga na legal na serbisyo sa buong California.

Sinisigurado ng DMV na ang mga taga-California ay patuloy na gumagamit sa mahalagang mga sebisyo nito habang prinoprotekta ang kalusugan ng mga kustomers at kanilang empleyado. Para sa pinakabagong impormasyon sa operasyon ng DMV, pakibisita ang **DMV WEBSITE**.

PAGPROTEKTA LABAN SA MGA SCAMS & MALING IMPORMASYON

Sa panahon ngayon, ikaw ay maaaring makabasa o makarinig ng mga bagay na hindi totoo. Narito ang ilang mga tips para makakuha ng katotohanan.

Dumepende sa mga pinagkakatiwalaang pinagkukunan tulad ng opisyal na pampublikong kalusugan at napiling mga pinuno ng California, kasama ang magagamit na impormasyon sa **COVID19.CA.GOV**

MALING IMPORMASYON

Ang maling balita ay mas mabilis maikalat kaysa sa katotohanan: huwag magkalat ng maling impormasyon.

- Kahit na nakarinig ka ng isang bagay mula sa kaibigan o pamilya, ito ay maaaring mali.
- Itsek ang lahat ng pinagkukunan. Huwag makibahagi ng balita maliban kung ikaw ay siguradong totoo.

Ag mga websites na may tumpak na impormasyon kasama ang:

- **SENTRO NG PAGKONTROL AT PAG-IWAS SA SAKIT**
- **DEPARTAMENTO NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN NG CALIFORNIA**
- Website ng Pagtugon sa Coronavirus sa California at toolkit sa **COVID19.CA.GOV** at **TOOLKIT.COVID19.CA.GOV**
- Ang iyong lokal na departamento ng kalusugan. **HANAPIN ANG IYONG DEPARTAMENTO NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN NG COUNTY**.

Huwag bumili ng mga bagay na nangangako ng madyik sa paggamot, pagsusuri o proteksyon mula sa virus.

- Para sa karagdagang impormasyon at upang mag-ulat ng mga scams, pumunta sa **IMPORMASYON NG KONSUMER SA MGA SCAM NG CORONAVIRUS SCAMS** na webpage.

Walang sinuman ang mapagbibintangan para sa pagsiklab ng COVID-19, kailangan natin magtulungan upang tapusin ang pandemiko. Ito rin ang tamang panahon para sa mabuting paalala sa kapit-bahay:

- Magsalita kung nakita na ang iba ay natrato nang masama
- Marami sa atin ang naapektuhan ng COVID-19, maliban sa lahi, etnisidad, kasarian, edad, o sekswal na orientasyon.
- Maging mabait sa mga kasamahan nating taga-Californian at mga taga-Amerika at itrato ang lahat ng may respeto.
- Basahin ang **PAHAYAG SA TWITTER NI GOBERNADOR NEWSOM LABAN SA XENOPHOBIA** na nauukol sa mga Asyanong Amerikano na komunidad.